

UNWAVERING

**Pananampalataya
at Kasunduan****WARM-UP**

- Kung hindi isyu ang pera, ano ang isang bagay na gusto mong magkaroon?
- Noong bata ka, ano ang bagay na lagi mong pinananabikan?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na nagsakripisyo ka upang tuparin ang isang pangako.

WORD

¹⁷Nang lumubog na ang araw at dumilim na, biglang may nakita si Abram na palayok na umuusok at nakasinding sulo, na dumaraan sa gitna ng mga hinating hayop. ¹⁸Sa araw na iyon, gumawa ng kasunduan ang Panginoon kay Abram. Sinabi niya, “Ibibigay ko sa mga lahi mo ang lupaing ito . . .” **GENESIS 15:17,18**

(Basahin din ang **GENESIS 15:1-20**.)

Ipinangako ng Diyos kay Abraham na pagpapalain Niya ang kanyang lahi. Sa kuwentong ito, tinanong ni Abraham ang Diyos kung paano mangyayari ang ipinangako Niya dahil wala siyang anak, at kung paano ibibigay ang lupaing ipinangako sa kanila. Tumugon ang Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng kasunduan kay Abraham. Ngayon, titignan natin ang kahulugan ng isang kasunduan at kung paano tayo dapat tumugon sa kasunduan na ginawa sa atin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

1 Gumawa ang Diyos ng kasunduan.

*¹Pagkatapos noon, nagsalita ang Panginoon kay Abram sa pamamagitan ng isang pangitain. Sinabi niya, "Abram, huwag kang matakot dahil ako ang magiging kalasag mo at gagantimpalaan kita." . . . ¹⁸Sa araw na iyon, gumawa ng kasunduan ang Panginoon kay Abram. Sinabi niya, "Ibibigay ko sa mga lahi mo ang lupaing ito . . ." **GENESIS 15:1,18***

Sa Lumang Tipan, ang kasunduan ay paraan ng mga tao upang isara ang isang transaksyon. Hinihiwa nila ang isang hayop sa kalahati at ang mga gumagawa ng kasunduan ay maglalakad sa gitna ng magkahating bahagi bilang pangako na tutuparin nila ang napagkasunduan nang may takot na mangyayari sa sinumang hindi tutupad ang nangyari sa hayop na kanilang hinati. Bagama't ang Diyos ay matapat, gumawa siya ng kasunduan kay Abraham, at nangakong tutuparin ito. Para sa atin ngayon, gumawa ang Diyos ng kasunduan sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus at ibinigay ang Kanyang pangako sa kung sinumang tatanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas. Ayon sa Mga Taga-Galacia, paano tayo naging bahagi ng kasunduan ng Diyos kay Abraham?

2 Ang Kasunduan ay nananatili sa kabila ng ating pagdududa.

*Pero sinabi ni Abram, "O Panginoong Diyos, ano po ang halaga ng gantimpala n'yo sa akin dahil hanggang ngayon ay wala pa po akong anak. Ang magiging tagapagmana ko po ay si Eliezer na taga-Damascus." **GENESIS 15:2***

Minsan, kapag nakakatanggap tayo ng pangako mula sa Diyos, tumitingin tayo sa mga sarili natin, at nakikita natin kung ano ang mayroon at wala tayo. Mabuti na lamang at ang kasunduan ng Diyos ay nababatay sa kung sino Siya at kung ano ang kaya Niyang gawin. Hindi nagbago ang isipan ng Diyos at hindi Niya binawi ang pangako nang magduda sa halip na maniwala si Abraham. Sa halip, tiniyak sa kanya ng Diyos na magbabago ang

sitwasyon niya. Ayon sa Job 42:1,2, ano ang kayang gawin ng Diyos at bakit Niya ito gagawin para sa atin?

3 Pananampalataya ang tugon natin sa kasunduan.

⁵Pagkatapos, dinala siya ng Panginoon sa labas at sinabi, “Masdan mo ang mga bituin sa langit, bilangin mo kung makakaya mo. Magiging ganyan din karami ang lahi mo.”⁶Nanalig si Abram sa Panginoon. At dahil dito, itinuring siyang matuwid. GENESIS 15:5,6

Si Abraham ay tumugon din nang may pananampalataya habang tinitiyak sa kanya ng Diyos ang katuparan ng Kanyang mga pangako. Siya ay *nanalig sa Panginoon. At dahil dito, itinuring siyang matuwid.* Dapat lamang na tumugon tayo sa kasunduan ng Diyos nang may pananampalataya. Dapat tayong manampalataya kay Jesus at ipakita ang ating tiwala sa Diyos habang pinanghahawakan natin ang Kanyang mga pangako na ibinigay Niya sa pamamagitan ng bagong kasunduan kay Jesus. Ayon sa Mga Hebreo 8:10-12, ano ang ilan sa mga pangako ng Diyos sa Kanyang kasunduan sa atin sa pamamagitan ni Jesus?

APPLICATION

- Tinanggap mo na ba si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo bang manampalataya sa Kanya ngayon?
- Paano matutulungang lumalim ang pananampalataya mo ng kaalaman na seryoso ang Diyos sa pagtupad ng mga pangako Niya sa atin? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang umasa ng ganap sa Diyos?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na kailangang maka-alala sa katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang mga ipinangako? Paano mo mapalalakas ang kanyang loob upang hangarin ang Diyos at manampalataya sa Kanya ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang magkaroon tayo ng relasyon sa Kanya, at sa pagtatatag ng kasunduan sa atin sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Pasalamatang Siya sa Kanyang katapatan at pangakong gagawin ang lahat ng ipinangako Niya.
- Ipanalangin na sa patuloy mong paghahangad at pananampalataya sa Diyos araw-araw, ang pananampalataya at tiwala mo sa Kanya ay patuloy na lalago.
- Ipanalangin ang isang kapamilya o kaibigan na kailangang magkaroon ng relasyon kay Jesus. Ipanalangin na makita niya ang pangako at katapatan ng Diyos.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph